Kuha ni John Mauricio

ANG AMING PAHAYAG

Noong 1694, habang isinusulat ang "Memoir on the Beginnings," naunawaan ni Juan Bautista De La Salle kung paanong iniatang sa pamamagitan niya ang plano ng Diyos at ang Paaralan na kanyang binuo katuwang ng kanyang mga Kapatid. Ganito ang kaniyang naging mga pahayag:

Ang Diyos, na gumagabay sa lahat ng bagay nang may buong karunungan at kapanatagan at hindi ipinipilit ang ating mga kagustuhan, hinihiling na ingatan ko ang mga paaralan; ginabayan niya ako nang hindi ko namamalayan. At sa mahabang panahon, mula sa isang pananagutan at nasundan ng iba pa; hindi ko ito nakita sa simula pa lamang.

Kuha ni Jon Limpo

Ang Kapatiran ng mga Paaralang Kristiyano

Brothers of the Christian Schools

Sa pareho ring kaparaanan, ginagabayan ako ng Diyos ngayon. Alam ng mga Lasalyano ang kasaysayang nagsimula pa noong mahigit 340 taon na ang nakararaan, bilang pagpapahayag ng mga plano sa atin ng Diyos. Patuloy na nagpapamangha ito sa atin hanggang ngayon. Ginabayan ng Diyos ang paaralan nang may karunungan at kabutihan upang makita ito sa bawat siglo at ayon sa iba't ibang pangyayari at mga lugar.

Gayundin ang mga paraan, mga tao, mga grupong may pananagutan, at mga katuwang nito, upang maipagpatuloy ang misyong ito ng Kristiyanong edukasyon para sa mga bata, kabataan, at matatanda, lalong-lalo na ang mga mahihirap. Sa ganitong paraan, ang pakikipagsapalarang nagmula sa isang maliit na grupo ng mga guro, ang naging kauna-unahang komunidad ng Brothers, at sa paglipas ng panahon, ang kamangha-manghang grupo ng mga Lasalyanong may pananagutan. Nag-alay sila ng kanilang buhay para sa mas magandang bukas. Ang kalalakihan at kababaihang ito na nabibilang sa iba't ibang kultura, wika, at tradisyon, ang humaplos sa mga puso, at pumukaw sa mga isip sa pamamagitan ng edukasyon na magbibigay sa kanila ng magandang pagkakataong mabago ang bawat buhay, mga tao, at mga lipunan.

Lubos na pinangangalagaan sa bawat Lasalyanong edukasyon ang pagmamalasakit para sa maralita, sa mga naghihirap, at sa mga naghihintay ng ating alok ng pagkakaisa at iniimbitahan tayong muling itaya ang sarili at maging malikhain. Sa halip na mamuhay sa nakaraan, mas pinili nating buuin ang kinabukasan. Pinili natin ang buhay at pag-asa. Muli nating pinagtititbay ang ating pananampalataya para sa kabutihan ng nilikha at labis na pagmamahal sa sangkatauhan.

Nababahiran ang kasalukuyang panahon ng malawakang paghina ng kredibilidad ng mga institusyong kumikilos para sa isang misyong nangangailangan ng mga malikhaing panukala. Sa kabila nito, ang kasalukuyang panahon ang panahon ng pag-asa at pagkamalikhain. Tila naghahanap ang mga lipunan at mga indibidwal ng mga pamamaraan upang mapagtagumpayan ang napakaraming suliranin ng isang panahong kapwa markado ng di-pagkakapantay-pantay at kawalang-katarungan; isang paghahanap din sa pamamagitan ng pagpapanagana ng mga bagong inspirasyon, paglikha ng mga bagong pananagutan, at pagpapabilis ng pagdating ng bagong tagsibol.

Muli, naglulunsad ang pag-asa ng pananagutan ng mga Lasalyano para sa makatao at Kristiyanong edukasyon para sa mga bata, kabataan, mga may edad na kinakikitaan natin ng mukha ng Diyos at siyang ubod ng pinakamagandang ekspresyon ng ating ng pagiging tao.

Salig sa aming pananalig at puspos ng aming mga paninidigan at tradisyon, gumawa kami ng ilang panukala para sa kasalukuyan at sa kinabukasan. Tinatanggap namin ang nakalipas nang may pasasalamat, niyayakap ang kasalukuyan nang may tuwa at tinatanaw ang kinabukasan nang buo ang pag-asa, habang pinasisigla ng malalim na pananampalataya na ang landas na ito na aming tinutungo ay landas ng Diyos, kung kaya't:

IPINAHAHAYAG NAMIN NA

1 Lubos kaming naniniwala na ang mga bata, at kabataan ay mga panawagan para sa pag-asa at pangako.

Ang aming mga institusyong pang-edukasyon at mga proyekto ay nakatuon sa ating kapwa at sa pagpapaunlad ng kanilang kaunlarang pangkalooban. Sa layuning ito, lumilikha sila ng malusog, ligtas, at kaaya-ayang kapaligiran, nagtatanggol sa mga karapatan ng mga bata, kabataan, at matatanda, at lumilikha ng mga sitwasyon na ang mga tungkulin at karapatan ay ipinagtatanggol, iginagalang at pinauunlad.

Kuha ni Justin Aliman

Kuha ni Lyann Cabador

Kuha ni Gabbi Lacuna

2

Naniniwala kami na sa mga mukha ng mga dukha at mahihina natin matatagpuan ang kapangyarihan ng ng Diyos na nagliligtas sa atin.

Nakaugat ang aming tradisyon na unahing paglingkuran ang mga dukha, ang mga pinagkaitan, at itinuturing na walang halaga, lalong-lalo na ang mga bata at kabataan na may kaawa-awang kalagayan, na nagsisilbing balakid sa pagbuo ng kanilang mga pangarap at magkaroon ng isang maayos at masayang buhay. Ito ang pangako namin ngayon - ang tukuyin ang mga bagong anyo ng kahirapan na kalimitang matatagpuan sa larang ng mga di-makataong patakaran at gawain, kawalan ng mga pagkakataon at patuloy na pagmamaliit; at, paglingkuran ang mga nagdurusa mula sa mga kahirapang ito.

3 Naniniwala kami sa kapangyarihan ng mga gurong magbigay ng inspirasyon at maging mga tagapamagitan.

Pangunahing saksi ang guro bilang inspirasyon sapagkat ang kaniyang mga halimbawa ay nagbibigay-inspirasyon, humahamon, gumagabay at nagbibigay-linaw. Pangunahing tagapamagitan ang guro sa mga prosesong edukasyonal dahil nililikha nila ang paraan ng pagtuturong magiging mabisa sa integral na paglago ng mga bata at mga kabataaan na kanilang kabahagi sa buhay at misyon. Nagbibigay-liwanag ang kanilang presensya, itinuturo ang malinaw na pagtanaw, gumagawa ng maayos na kapaligiran ng pagkatuto, ipinakikilala ang kalayaan, nagmumungkahi ng tamang daan at inililipat ang mga prinsipyo. Sa pamamagitan nito, nakapagbabahagi sila sa paghubog ng mga malaya, may sariling pag-iisip at responsableng mga mamamayan.

Kuha ni Christian Haw

4 Naniniwala kami na ang pamayanang pang-edukasyon ang pangunahing salik sa paghubog at paglinang ng mga pagpapahalaga sa isang tao.


Kuha ni Heather Lazier

Ang pagkakapatiran at pagpapahalagang pampamayanan ang pinakanatatanging ambag ng pagtuturong Lasalyano sa prosesong pang-edukasyon. Ang pagkakapatirang ito ang nagtataas sa pag-unlad ng nagkakaisang sambayanan, tumutulong makita ang kahulugan ng buhay, ginagawang posible na lumikha ng iba't ibang uri ng pagmamahal at pagkakaisa, naipahahayag ang kaligtasan, at iginagalang ang pagkakaiba-iba. Dagdag pa rito, tumutulong itong bumuo ng iisang pangarap at nagpapanibagong mga pananagutan.

Kuha ni John Mauricio

5

Naniniwala kaming ang aming samahang Lasalyano ay isang handog mula sa Diyos para sa daigdig at isang ekstraordinaryong pamamaraan upang maipagpatuloy ang pamanang ito mula sa tatlong daang taong buhay na pamana.

Naipahahayag rin namin ang aming samahan sa mga network ng mga pamayanang pang-edukasyong hinahayaang ang kanilang mga sariling humanga sa mga realidad ng kanyang mga mag-aaral. May pananagutan ang Brothers at ang mga layko sa misyong pang-edukasyon bilang siyang kasalukuyang pagpapahayag ng plano ng Diyos. Kung kaya't bilang isang samahan, magkakasama kaming tumutugon sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataan ng buong mundo.

6

Naniniwala kaming ginagawang posible ng edukasyon ang paghahanap at paghahatid ng katotohanan.

Kuha ni Elisa Lim

Kuha ni Andrae Yap

Positibo ang pananaw namin sa kakayahan ng mga kabataang maging marubdob tungkol sa bagay na ito. Ganito rin ang paniniwala ng lahat ng aming mga institusyon, na patuloy na binubuhay ng aming pangunahing pananalig na nasa pagsisiyasat sa pamamagitan ng iba't ibang larang, nakatutuklas ng magkakaiba ngunit nagtatalabang kaalaman, at siyang nagtuturo sa nangingibabaw na katotohanang kalimitang mailap sa atin, ngunit patuloy ding namang umaakit sa atin.

7

Naniniwala kaming ang edukasyon ay pangunahin, makapangyarihan at produktibong kayamanan upang kalingain ang daigdig at maipagtanggol ang ating likas na tahanan upang mapaunlad at mapananatili ang buhay.

Kailangang maging isang tunay na makinarya ng pagsasakatuparan ang ating panukalang pang-edukasyon para sa isang integral na ekolohiya na hahamon sa mga alternatibong paradigma, konsumerismong predatoryo, tiranyang teknokratiko, at paiba-ibang estilo ng pamumuhay na magdudulot ng pagbabago sa kalooban ng tao. Batid nating nakikiisa tayo sa ganitong uri ng pagsulong kapag siniseguro nating ang lahat ng pagsulong na itong may panlipunang pakikilahok, umaangkop sa kultura, walang kinikilingan, makakalikasan, nagsusulong ng kabuhayang ayon sa pangangailangan, may kahusayang pampulitika, may pananagutang etikal, at makahulugang espiritwal.

Kuha ni Heather Lazier

Kuha ni Angela De Castro

Kuha ni Christian Haw

8

Naniniwala kaming may kakayahang nagpapanibago ang edukasyon.

Ang edukasyon ang pinakamahalagang interbensyon sa paghubog ng pagkatao ng bawat nilalang hanggat hinahayaan nito ang komunikasyon ng pagpapahalaga, ang pagtatamo ng karunungan, ang pagtatatag ng mga ugnayang pangmadla, ang pagpapahayag ng mga pangarap, at ang pagpapasimula ng mga bagong paradigma tungkol sa pagkatao, lipunan, buhay, at pakikipag-ugnayan sa kalikasan. Nagtatatag ang edukasyon ng pagkakapantay-pantay hanggang sa makabuo ito ng oportunidad para sa personal, pampamayanan at panlipunang pag-unlad, habang binibigyang-dignidad nito ang tao at pinagpapanibago ang lipunan.

9

Naniniwala kami na isang ekspresyon ng makataong Kristiyano ang Lasalyanong edukasyon.

Isang ekspresyon ng pagiging makatao ang aming panukalang pang-edukasyon sapagkat layunin nito ang isang integral na paghubog. Konsistent sa panukalang ito ang intelektuwal na pag-unlad, pag-angat ng pananampalataya, pag-unawa sa agham, at pagsasabuhay ng pagpapahalaga. Hindi ito inuunawa bilang hiwalay na dimensyon kundi bilang isang dimensiyon na nagsasangkot at bumubusog sa isa't isa. Samakatuwid, layunin ng Lasalyanong edukasyon na bumuo ng mga taong may matatag na pananampalataya, may malinaw na sinusundang pamantayang etikal, namumuno sa pamamagitan ng paglilingkod, at pawang may pananagutang gumawa para sa kabutihan ng lahat tungo sa pagtatatag ng higit na mas maraming lipunang makatarungan at nagsusulong ng kapayapaan.

10

Naniniwala kaming may kapangyarihang magbahagi ng ebanghelyo ang paaralan.

Kuha ni Lyann Cabador

Pinalulusog ng mga pinakatotoong pagpapahalaga mula sa Ebanghelyo ang panukalang pang-edukasyong Lasalyano tulad ng paggalang, pagmamahal sa kapwa, awa at habag, kalayaan at tungkulin, katarungan at pagkakapantay-pantay, pangangalaga sa buhay at kaikasan. Naniniwala rin kami na ang pagmamahal ng Diyos na nasa bawat tao ay nagpapakita rin ng kabanalan ng buhay at kapayapaan bilang mga pinakadakilang kabutihang bunga ng ating pamumuhay nang magkakasama.

11

Naniniwala kaming ang itinatakda ng kasalukuyang realidad ang pangangailangang tumaya at maging malikhain.

Dapat na laging sumasabay sa takbo ng panahon ang paaralan, handang baguhin ang sarili nito at tumutugon sa pangangailangan ng mga bata at kabataan. Sa kadahilanan ding ito, dapat na magkaroon ng mga bagong proyektong pang-edukasyon, at hayaang magwakas ang iba. Humihiling sa atin ang ating mga kasama na maghanap sa mga lalawigan, sa mga katutubo, sa mga migrante, mga nasa hanay ng kahirapang matatagpuan sa mga dambuhalang siyudad, at maging sa mga nasa hangganan ng di-makataong kondisyon, upang malikhaing makatugon sa kanilang mga tiyak at matitinding pangangailangan.

Kuha ni Monique Arevalo

Kuha ni Monique Arevalo

Kuha ni Lyann Cabador

Naniniwala kaming posible ang panibagong mundo at edukasyon ay pangunahing lakas sa pagbubuo nito.

Naglalayong magtatag ang aming perspektibang pang-dukasyon ng mga lipunang posible ang pagkakaroon ng kapayapaan, pagkakapantay-pantay, katarungang panlipunan, sibikong pakikilahok, pagbubuo ng pangarap para sa lahat, at paggalang sa kalayaan at pagkakaiba-iba. Ipinapakita namin ang aming pananagutan na magtatag ng isang higit na makatarungan at demokratikong lipunan, gayundin ang aming pagpili ng isang integral at sustenableng kaunlarang pangkalooban na magbibigay-pakinabang sa bawat isa. Ang pagmumulat para sa kapayapaan ay pagmumulat rin para sa katarungan at pagkakaisa.

Sa pagtuon ng ating paningin sa Diyos, sa ating pananalig sa kabutihan ng bawat taong nilikha at sa ating pananagutan sa mga bata at mga kabataan, sumulong nawa tayo patungo sa mapagtakda at kapana-panabik na tinatanaw nating kasalukuyang ika-21 Siglo. Ang pananalig na posible pa rin ang pagkakaroon ng higit na magandang daigdig ang siyang nagpapakilos sa atin, ang marubdob na pagpapahalaga sa sangkatauhan naman ang nagbubuklod sa atin, at ang pag-asa, ang siyang nagpapasigla sa ating magpatuloy.

Kuha ni Lyann Cabador

Kuha ni Angela De Castro

Paglalapat nina
Angela De Castro at Angela Talampas